REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

**SANGGUNIANG BAYAN**

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 95-215

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PANSAMANTALANG PAGSUSUSPINDE NG DEVELOPMENT PERMIT NA IPINAGKALOOB SA PUBLIC ESTATES AUTHORITY (PEA) AT FILINVEST ALABANG, INC. PARA SA KANILANG PROYEKTONG FILINVEST CORPORATE CITY SUBDIVISION DEVELOPMENT NA SUMASAKOP SA MAY 244-EKTARYANG LUPAIN SA ALABANG, MUNTINLUPA NA LALONG KILALA SA KATAWAGANG ALABANG STOCK FARM (ASF).

*********************************************************

Ipinanukala ni: Pang. Punongbayan Jaime R. Fresnedi

*********************************************************

SAPAGKAT, sa Pahina 4, Paragrapo 1, Talata 2 ng Kapasiyahan Bilang 94-162 ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, itinatakda na ang pagkakaloob ng locational clearance at development permit para sa proyektong FILINVEST CORPORATE CITY ay maaaring bawiin ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa kung ang PEA at FILINVEST ay hindi makatutupad sa mga gampanin sa nilagdaang kasunduan at mga karagdagang pasubaling inilakip dito;

SAPAGKAT, ang walang patumanggang (indiscriminate) pagputol ng mga puno sa ASF ay magdudulot ng biglaang pagbaha (flash flood) na maaaring kumitil ng maraming buhay at puminsala o makasira ng mahahalagang mga ari-arian;

SAPAGKAT, ang pagputol ng mga puno na unti-unting sumisira sa balanseng ekolohiya at malusog na kapaligiran ng ASF ay tahasang paglabag sa itinatakda ng Artikulo 2, Seksiyon 16 ng Saligang-batas ng Pilipinas na nagsasaad, na: "The State shall protect and advance the right of the people to a balanced and healthful ecology in accord with the rhythm and harmony of nature;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na pansamantalang isuspinde ang development permit na ipinagkaloob sa Public Estates Authority (PEA) at FILINVEST Alabang, Inc. para sa kanilang proyektong FILINVEST Corporate City Subdivision Development na sumasakop sa may 244-ektaryang lupain sa Alabang, Muntinlupa na lalong kilala sa katawagang Alabang Stock Farm (ASF).

PINAGTIBAY ng higit na nakararaming mga Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-120th regular na pulong na ginanap ngayong ika-13 ng Pebrero, 1995.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Liban)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

(Di-Lumahok)
KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

(Di-Lumahok)
KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

(Di-Lumahok)
KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan